

Ano Ang Dapat Mong Malaman COVID-19 Delta Variant

Ang COVID-19 Delta variant, isang lubhang nakakahawang strain ng SARS-CoV-2, ay kasalukuyang dominanteng strain sa Estados Unidos. Ang Delta variant ay unang nakilala sa India noong Disyembre 2020, at natuklasan sa Estados Unidos ng Marso 2021, sinundan ng San Diego ng Abril 2021. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa Delta variant at kung paano maaaring makaapekto ito sa iyo at sa komunidad ng San Diego.

BE COVIDSAFE ✓

ANO ang Delta Variant?

- Unang nadiskubre sa India, ang variant B.1.617.2, ay muling naklasipika bilang isang mas matindi na [kahina-hinalang variant na naging nakababahalang variant](#) nitong June 2021 ng Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa mga Sakit (Centers for Disease Control and Prevention o CDC).
- Ang Variant B.1.617.2 ay tinawag na “Delta” ng World Health Organization (WHO) nitong Mayo ng 2021.
- Sa katapusan ng Hulyo, ang variant ay ang dahilan ng mahigit na 80% ng mga impeksyon sa Estados Unidos, karamihan ay mga taong hindi nabakunahan.

BAKIT nag-aalala ang mga eksperto? Bakit tayo dapat mag-alala?

- **Madaling Kumalat** — Ang Delta ay kumakalat ng 50% mas mabilis sa Alpha variant, na siyang 50% na mas nakakahawa sa orihinal na strain ng SARS-CoV-2. Sa buong bansa, tinatalo ng Delta ang iba pang mga variants at ito ang nagiging dominanteng strain.
- **Mas Malala at Mas Nakakahawa** — Sa kasalukuyan, 96 na mga bansa ay nag-uulat ng mga kaso ng Delta variant. Tinataya na ang average na taong nahawaan ng orihinal na strain ng coronavirus ay maaaring makahawa sa 2.5 iba pang mga tao. Gayunpaman, ang Delta ay maaaring kumalat mula sa isang tao hanggang sa posibleng 3.5 o 4 na ibang tao.
- **Iba ang mga Sintomas** — Napansin ng mga eksperto na ang mga sintomas ng Delta variant tulad ng ubo at [pagkawala ng pang-amoy](#) ay hindi gaanong karaniwan. Pananakit ng ulo, pamamaga ng lalamunan, sipon, at lagnat ay mas karaniwan base sa ipinapakita ng mga [kamakailang mga pagsusukat \(surveys\)](#).

SINO ang nasa pinakamalaking panganib?

- Isang bagong pagsusuri na ginawa sa [United Kingdom \(UK\)](#) ay nagpakita na ang mga bata at matatanda na may edad na 50 pababa ay may 2.5 beses na posibilidad na mahawa sa Delta variant, na kung saan karamihan ng impeksyon ay nagaganap sa populasyon ng mga hindi nabakunahan.
- Habang ang grupo ng mas matatandang tao ay nababakunahan, [ang mga mas bata na hindi pa nababakunahan ay may mas mataas na panganib na mahawa](#) sa anumang variant ng Covid-19. Gayunpaman, ang [kasalukuyang pananaliksik](#) ay nagpapakita na ang mga nabakunahan ay mas may mahusay na proteksyon laban sa Delta variant.

PAANO ko mapoprotektahan ang sarili ko at ang aking pamilya?

- Ang pinakamahalaga mong magagawa upang protektahan ang iyong sarili at ang iba laban sa Delta ay ang pagpapabakuna.
- Nabakunahan ka man o hindi, mahalaga din na sundin ang patnubay ng seguridad ng CDC na angkop sa mga taong [ganap nang nabakunahan](#) at [hindi pa nabakunahan](#).
- Kung ikaw ay nakakaramdam ng mga sintomas o kaya ay nalantad at hindi nabakunahan, kontakin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Bisitahin ang [Coronavirus-SD.com/Testing](#) para sa karagdagang mga opsyon.
- Kung hindi makapagpabakuna dahil sa kasaysayan ng malubhang reaksyong allergy (halimbawa, Anaphylaxis) o nasuri na allergy sa [nilalaman ng bakunang Covid-19](#), makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng medikal na pangangalaga upang malaman kung ang bakunang Covid-19 ay ligtas para sa iyo. Ipagpatuloy ang mga hakbang upang protektahan ang iyong sarili at ang iba sa iba't ibang sitwasyon, tulad ng paghuhugas ng iyong mga kamay, pagpapanatili ng iyong distansya, at pagsusuot ng takip sa mukha sa mga piling sitwasyon upang maging COVIDSafe o ligtas sa Covid.

SAAN ako puwede magpabakuna?

- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas, maginhawa, at makukuha mula sa maraming tagapagbigay ng bakuna.
- Karamihan ng mga lokasyon ay hindi nangangailangan ng appointment, ngunit maaaring mag-appointment kung nanaisin mo. Bisitahin ang [Coronavirus-SD.com/Vaccine](#) o tumawag sa [2-1-1](#) upang makahanap ng pinakamalapit na lokasyon.

Para sa kargdagang impormasyon sa mga bakuna para sa COVID-19, bisitahin:

[coronavirus-sd.com/vaccine](#)

